REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91- 241

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONG BAYAN NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN UPANG MAGING TAGA-GARANTIYA ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA BILANG PANIMULANG INSTITUSYON O ORIGINATOR SA PAHIRAM NA HALAGANG TATLONG MILYON APAT NA DAAN LIMAMPU'T PITONG LIBO DALAWANG DAAN LABING SIYAM NA PISO (P3,457,219.00) NG NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC) PUTATAN URBAN POOR ASSOCIATION, INC. (PUPA) PARA SA PROYEKTONG SITE DEVELOPMENT COMMITMENT LINE NITO .

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sang-ayon sa NHMFC Circular No. ULP-104, 1988, ang National Home Mortgage Finance Corporation ay inilunsad ang 'Community Mortgage Program" na naglalayon na tulungan ang mga naninirahan sa hikahos at maralitang lugar na panimulang ariin ang mga lupang kanilang tinitirhan at sa bandang huli o sa katapusan ay tatayuan ng maayos na pamahayan na nakapaloob sa konseptong pagtutustos sa mababang halagang pabahay pagkatapos mabayaran ang kaukulang halaga sa mga nagmamay-ari ng lupa;

SAPAGKAT, ang programang isinaad sa itaas ay malayo ang mapupuntahan sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga hikahos at hirap na mamamayan ng bayan ng walang kapalit na kabayaran na hihingin sa kanila;

SAPAGKAT, ang PUPA ay kinikilala ng NHMFC bilang isang legal na samahan sa Bayan ng Muntinlupa.

NGAYON , DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng isang kapasiyahan na binibigyan ng karapatan ang Punong Bayan na pumasok sa isang kasunduan upang maging tagagarantiya ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa bilang panimulang institusyon o originator sa pahiram na halagang Tatlong Milyon Apat na Daan Limampu't Pitong Libo Dalawang Daan Labing Siyam na Piso (P3,457,219.00) ng National Home Mortgage Finance Corporation (NHMFC) Putatan Urban Poor Association, Inc. (PUPA) para sa proyektong site development commitment line nito .

PINAGTIBAY, ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 183rd regular na pulong na ginanap ngayong ika-16 ng Disyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center , Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
PUnong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO C. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
KOnsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts